

ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA COVID-19 NA MGA BAKUNA

Enero 26, 2021

Ang COVID-19 na mga bakuna sa kalaunan ay maiaalok sa lahat ng mga nasa hustong gulang na naninirahan sa Canada. Ang pilyego ng katotohanang ito, na pinatunayan ng mga doktor, ang una sa isang serye na idinisenyo upang mabigyan ka ng tumpak, napatunayan na impormasyong medikal tungkol sa mga bakunang ito upang makagawa ka ng isang may kaalamang pagpili.

Mga Mahalagang Mensahe:

- Ang COVID-19 na bakuna ay makakaprotekta sa iyo na makakuha ng COVID-19. Ang dalawang dosis ay kinakailangan.
- Ang mga COVID-19 na bakuna ay malawak na napag-aralan sa magkakaibang populasyon at itinuturing na ligtas at lubos na mabisa.

Bakit Kukuha ng Bakuna sa COVID-19?

- Sa loob ng maraming taon, ang mga tao sa buong mundo ay gumagamit ng mga bakuna upang maprotektahan kami mula sa nakamamatay na mga nakakahawang sakit, tulad ng tigdas, tetanus at polio.
- Ang bakuna sa COVID-19 ay ang pinakamabisang paraan upang maprotektahan ang iyong sarili na makakuha ng COVID-19 at para tayong lahat ay makabalik sa normal na buhay.
- Ang bakuna ay isang mahalagang bahagi sa pagpapahinto ng pagkalat ng virus sa ating mga pamilya at komunidad, bilang karagdagan sa pagsusuot ng maskara, paghuhugas ng kamay at pananatili ng hindi bababa sa 2 metrong layo mula sa mga iba.

Paano Gumagana ang Bakuna?

- Ang mga bakuna ay hindi nakakagamot sa iyo, nakakatulong ang mga ito upang maiwasan mong makakuha ng sakit sa unang lugar.
- Ang bakuna ay nagtuturo sa iyong katawan kung ano ang hitsura ng virus ng COVID-19 upang malabanan ng iyong katawan ang virus kung magkaroon ka ng kontak dito.
- Ginagawa ito ng bakuna ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tagubilin ("mRNA") sa iyong katawan upang gumawa ng mga spike protein tulad ng nasa tuktok ng coronavirus. Ang mga protinang ito ay hindi nakapagpasakit sa iyo. Ang sistema ng panlaban sa sakit ng iyong katawan ay gumagawa ng mga antibody upang labanan ang impeksyon kung ang totoong virus ay pumasok sa iyong katawan sa hinaharap.

Gaano Kabisa ang mga Bakuna?

- Dalawang mga bakuna ang inaalok sa Canada sa ngayon, ang isa ay ang Pfizer/BioNTech at ang isa ay ang sa Moderna.
- Parehong mga bakuna ay itinuturing na napakabisa sa pagpigil ng mga COVID-19 na sakit pagkatapos ng dalawang mga dosis. Sila ay natagpuang 95% na mabisa sa malaking mga siyentipikong pag-aaral.

Ano ang mga Hindi Kanais-nais na Epekto ng mga Bakunang Ito?

Ang mga COVID-19 na bakuna ay itinuturing na napakaligtas. Sa pangkalahatan, ang mga hindi kanais-nais na epekto ay ang mga epekto na naobserbahan sa panahon ng malalaking pag-aaral na pangsiyentipiko na katulad ng maaari mong maranasan sa ibang mga bakuna. Kabilang sa kanila ang mga bagay tulad ng sakit sa balikat/braso sa lugar ng iniksyon, sakit ng katawan at kalamnan, panginginig, pakiramdam ng pagod at pakiramdam na nilalagat. Ito ang mga karaniwang epekto ng bakuna at hindi nagbibigay ng panganib sa kalusugan. Kung ang alinman sa mga ito ay nararanasan, ito ay karaniwang malulutas sa halos isang araw o mahigit pa. Ang mga sintomas na ito ay maaaring mangyari pagkatapos ng parehong dosis ng bakuna.

Tulad ng lahat ng mga bakuna, mayroong isang napakaliit na pagkakataon ng isang mas seryosong hindi kanais-nais na epekto, tulad ng isang alerhiyang reaksiyon. Ito ang dahilan kung bakit hihilingin sa iyo na manatili sa lugar ng pagbabakuna (isang klinika, o opisina ng iyong doktor) sa loob ng 15-30 minuto pagkatapos na makuha ang bakuna, upang mapangalagaan ka ng mga kawaning medikal.

Hindi ka maaaring makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna.

Ang impormasyon sa buletin na ito ay pinatunayan ng mga doktor ng Canada: Meb Rashid MD, Katulong na Propesor, Unibersidad ng Toronto, Vanessa Redditt, MD, Tagapaglektura, Unibersidad ng Toronto at Isaac I. Bogoch, MD, Katulong na Propesor, Unibersidad ng Toronto

